JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsuliong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7:
## Kasiyahan ko, Tulungan ang kapwa ko!



**Pangalan:** ______________________________

**Baitang at Seksyon:** ______________________________

**Paaralan:** ______________________________



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinesenyo at sinulat para sa iyo. Narito ito upang tulungan kang makapagpapakita ng pasasalamat sa mga kakayahan/talinong bigay ng Panginoon sa pamamagitan ng: (23.3 pagtulong sa kapwa). Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na gamitin sa iba't ibang sitwasyon.



https://bit.ly/3qC9Fyq



https://bit.ly/33FqL4E



https://bit.ly/3ot3vih



https://bit.ly/3ot3vih

**EsP2PD-IVe-i-6**

Kasanayang Pampagkatuto

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang;

- Nakapagpapakita ng pagsasalamat sa mga kakayahan/talinong bigay ng Panginoon sa pamamagitan ng: **Pagtulong sa kapwa.**



## Subukin

Piliin ang tamang sagot. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang pagtulong sa kapwa ay isang _________ gawain.
   A. mabuting   B. kaligayahan   C. masamang
2. Kapag ikaw ay tumulong sa kapwa, marami ang _____sa iyo.
   A. magagalit  B. naiinggit   C. matutuwa
3. Handa ka bang magbigay ng iyong mga pinaglumaang damit para sa mga nasalanta ng bagyo? Bakit?
   A. Ayaw ko kasi luma na ang mga damit ko.
   B. Opo, para kahit paano nakatulong.
   C.Bahala na sila.
4. Ang pagpasalamat sa Diyos sa mga biyayang kanyang binigay sa atin katulad ng pagkain ay dapat gawin_______.
   A. bago kumain   B. habang kumakain
   C. bago matulog
5. Ang mga Boy Scout at Girl Scout sa Pilipinas ay pumunta sa mga lalawigan na nasalanta ng bagyong Rolly upang ________.
   A. tumulong   B. makiusyuso   C. manood

## Modyul 7 Kasiyahan ko, Tulungan ang kapwa ko !

Sa araling ito, iyong matutunan kung paano maipapakita ang pasasalamat sa mga kakayahan/ talinong bigay ng Panginoon sa iyo sa pamamagitan ng pagtulong sa kapwa.



## Balikan

Ayusin ang pinaghalong mga letra para mabuo ang mga salita na iba't- ibang abilidad o talento.

1. A W A Y S = ____________________________
2. A T A N K = ____________________________
3. Y A N G L O = ___________________________
4. KBOTA = ________________________
5. MINATATGAN=________________________



## Tuklasin

Basahin ang kwento

Miyerkules sa alas 12:30 ng hating gabi, habang tahimik na natutulog ang mga tao sa barangay Sto. Nino ay biglang umulan ng malakas at nagdulot ng pagbaha sa lugar. Pumasok sa loob ng mga kabahayan ang tubig baha. Isa ang pamilya ni Rica sa nasalanta ng bagyo. At dahil sa hindi kalakihan at matibay ang kanilang bahay, hindi nila nakayanang pigilan ang pagpasok ng baha at naanod halos lahat ng kanilang kagamitan, damit at gamit pang-eskwela. Masyadong nalungkot si Rica sa pangyayari pero hindi siya nagpadala sa kalungkutan at malakas na hinarap ang sakuna ng may Pananalig sa Diyos.

Bilang isang kaklase, ano ang maitulong mo para mapagaan ang pighati na nararamdaman ni Rica? Kulayan ng kulay **pula** ang ♡ sa mga larawan na nagpapakita ng pag-asa para kay Rica.

1. ♡ 

2. 

3. 



## Suriin

Ang pagtulong sa kapwa ay isang magandang kaugalian na dapat nating tularan. Sa kahit anong paraan, maliit man o malaki, makakatulong tayo sa mga nangangailangan. Ang pagtulong sa kapwa ay isang paraan upang ipakita ang pagpapasalamat sa Panginoon sa mga biyaya. **Tandaan, ang tumutulong sa kapwa ay laging pinagpapala.**



## Pagyamanin

Iguhit ang ☆ bituin sa kuwaderno o sagutang papel. Kulayan ng dilaw ito kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagtulong sa kapwa at itim naman kung hindi.

______1. Araw-araw tumutulong sa paglilinis ng silid-aralan si Marvin.

______**2.** Tuwing may nangangailangan, pinapahiram ni Martin ang pantasa sa kanyang kaklase.

______3. Hindi pinapansin ni Fernando ang mga pulubi na namamalimos sa kanya.

______4. Tinuturuan ni Ardee ang kanyang mga kaklase na hindi agad nakaunawa sa mga aralin.

______5. Nahihiyang akayin ni Jayson ang pilay niyang pinsan sa pagpasok sa paaralan.



## Isaisip


Gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain sa ibaba. Lagyan ng tsek ✓ ang hanay ng iyong sagot. Gawin ang tseklis sa inyong kuwaderno.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Tumutulong ako sa nanay ko sa paglilinis ng bahay. | | | |
| 2. Nagbibigay ako ng baon sa mga kaklase kong walang baon. | | | |
| 3. Tumutulong ako sa kaibigan ko kapag siya ay nasaktan. | | | |
| 4. Nagbibigay ako ng pagkain sa mga pulubi | | | |



## Isagawa

Isipin ang mga panahong ikaw ay nakatulong sa iyong kapwa, maging sa paraang maliit man o malaki



Source: samatik,istockphoto.com/vector/autumn-silhouette-of-a-tree-with-colored-leaves-tree-with-roots-isolated-on-white-gm1015378994-273259780,August 8,2018,1.accessed December 4,2020.
https://bit.ly/2VClHls



# Tayahin

## Si Oto

Si Oto ay isang bata na Ata-Manobo. Mahal na mahal niya ang kanyang katribo. Ang kanilang kabarangay ay natamaan ng bagyo. Nawalan sila ng mga tirahan at kanyang mga kapitbahay. Marami sa kanila ang nagkasakit at nagugutom. Ang tanging maitulong lamang niya ang pagbahagi ng kanilang kaunting pagkain. Binabahagian niya ang kanyang mga kapitbahay. Ang kanyang ina ay nangunguha ng mga bungang kahoy at mga gulay sa kanilang bukirin. Niluto niya ito at pinakain sa kanilang mga kapit-bahay lalo na sa mga bata. Tumulong si Oto sa paghahanda nito.

Panuto: Bilugan ang wastong sagot.

1. Sino ang batang taga Ata-Manobo?

A. Oto B. Maria C. Nene D. Atoy

2. Anong kaugalian ang ipinakita ni Oto?

A. Matulungin C. Mayabang
B. Mapagmahal D. Mapagbiro

3. Kung ikaw si Oto, paano mo tutulungan ang mga batang nabiktima ng bagyo?

A. Bibigyan ko sila ng pagkain.
B. Aawayin ko sila.
C. Pagtatawan ko sila.
D. Pabayaan na lang sila.

4. Dapat ba nating pamarisan si Oto? Bakit?

A. Hindi,dahil nakakapagod.
B. Opo, dahil siya matulunging bata.
C. Opo, pero sila na ang palutuin.
D. Iwan ko kung dapat ko siyang pamarisan.

5. Paano nila tinulungan ang kanilang mga kapitbahay?

A. Binigyan nila ng pagkain.
B. Tinaboy nila ang kanilang mga kapitbahay.

C. Hindi nila binahagian ang kanilang kapitbahay.
D. Binigyan ng matutulugan.



# Karagdagang Gawain

**Sagutin ang mga katanungan at isulat sa loob ng kahon.**

**Paano ipakita ang Pagpapasalamat sa mga biyayang natanggap**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **pagtulong** | | | |



# Sanggunian


Anna Marie Quebue, Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao 2,Kagamitan para sa Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya,Unang Edisyon,2013, ISBN: 978-971-9990-93-2 , p.289-291.

Young lady helping the old woman
http://kimsjourneytolife.blogspot.com/2012/10/day-104-being-helpful-from-self.html/December 4, 2020.

different pictures showing helping others
https://www.littlerockersradio.com.au/little-rockers-blog/teaching-children-to-be-helpful/December 4, 2020.

Boy helping his playmate
https://www.clipart.email/download/3092166.html/ Date accessed December 4, 2020.

samatik
https://www.istockphoto.com/vector/autumn-silhouette-of-a-tree-with-colored-leaves-tree-with-roots-isolated-on-white-gm1015378994-273259780/ Date accessed December 4,2020



Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rethel Ann C. Dadulo
Teacher III
Luis Ruiz Sr. Elementary School
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Jerick P. Mamac
Jerlyn Faith B. Gitalan

Tagasuri: Baby Aida S. Awang
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS
Dr. Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS